


# Frequently Asked Questions (FAQs)

## "Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers"

Filipino

In collaboration with:
Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Providers

June 2016

## MGA PANGKALAHATANG TANONG

1. Ano ang Migrant Workers and Overseas Filipinos Act (MWOFA) of 1995, as amended?
2. Ang MWOFA of 1995, as amended ba ay nagpropromote sa pagtratrabaho sa ibang bansa para panatilihin ang pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas?
3. Sino ang isang Overseas Filipino Worker (OFW)?
4. Ano ang pagkakaiba ng isang OFW sa isang Migrant Worker?
5. Ano ang pagkakaiba ng isang 'agency-hired' OFW sa isang 'direct-hired' o 'name-hired' na OFW?
6. Ano ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance (OCI)?
7. Ano ang Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers?
8. Sinu-sino ang 'covered' ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

## COVERAGE AT MGA BENEPISYO

9. Anu-ano ang mga benepisyo at mga coverage ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
10. Ano ang Accidental Death Benefit?
11. Ano ang Natural Death Benefit?
12. Ang 'suicide' (pagpapakamatay) ba ay 'covered' ng Agency Hired OFW Compulsory Insurance?
13. Ano ang Total Permanent Disablement Benefit?
14. Kung ang agency-hired OFW ay naputulan ng isang braso/binti o di kaya ng nawalan ng isang mata, meron bang 'partial payment' para dito?
15. Ano ang Repatriation Cost Benefit?
16. Ano ang mga sapat na dahilan para maka-claim ng repatriation cost benefit?
17. Ano ang Subsistence Allowance Benefit?
18. Ano ang Money Claims Benefit?
19. Ano ang Compassionate Visit Benefit?
20. Ano ang Medical Evacuation Benefit?
21. Ano ang Medical Repatriation Benefit?
22. Ano ang Return of the Mortal Remains Benefit?

## PAGFI-FILE NG INSURANCE CLAIM

23. Paano mag-file ng claim sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
24. Saan pwede mag-file ng claim sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
25. Sinu-sino ang mga lisensyado at 'accredited' na the insurance companies na nagbebenta ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
26. Saan ako pwedeng makakuha ng kopya ng 'standard policy format' para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
27. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Accidental Death?
28. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Natural Death?
29. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Permanent Total Disablement?
30. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Repatriation Cost?
31. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Subsistence Allowance Benefit?
32. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Money Claims?
33. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Compassionate Visit?
34. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Medical Evacuation?
35. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Medical Repatriation?
36. Gaano kabilis ko makukuha ang benepisyo ko sa insurance kapag naibigay ko na ang mga kumpletong dokumento?

## PAGSASAMPA NG REKLAMO

37. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laban sa isang recruitment agency?
38. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laban sa isang employer?
39. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laban sa isang insurance company?

## IBA PANG MGA KATANUNGAN

40. Kailan kailangan ng isang OFW na pumunta sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) para sa dokumento sa pag-claim ng benepisyo sa insurance?
41. Ang hindi buo pero permanenteng pinsala ba ay covered ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
42. Ano ang mga money claims?

43. Ano ang pagkakaiba ng pagsasampa ng kaso sa the Insurance Commission (IC) at pagsasampa ng kaso sa National Labor Relations Commission (NLRC)?
44. Paano kumuha ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
45. Magkano ang insurance premium para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?
46. Sino ang dapat magbayad ng insurance premium para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance cover?
47. Ang pag-papauwi ba ng Gobyerno ng Pilipinas dahil sa mga giyera ay covered ng Repatriation Cost Benefit?

## KAILANGAN NG TULONG?

## MGA HYPERLINKS AT DOWNLOADS

## MGA PANGKALAHATANG TANONG

1. Ano ang Migrant Workers and Overseas Filipinos Act (MWOFA) of 1995, as amended?

   Ito ang batas na pumoprotekta sa mga Overseas Filipinos at Migrant Workers. Ito rin ay nagbibigay ng nararapat at napapanahon na serbisyong panlipunan, pang-ekonomiya, at legal para sa mga Filipino migrant workers. Nagkakaloob ito ng proteksiyon sa paggawa—organizado o hindi, at tumatangkilik sa ganap na pagkakaroon ng trabaho at pantay-pantay na oportunidad sa pagtratrabaho.

2. Ang MWOFA of 1995, as amended ba ay nagpropromote sa pagtratrabaho sa ibang bansa para panatilihin ang pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas?

   Hindi po. Tinitiyak ng batas na ito na kung ang isang Pilipino ay malayang nagpasya ng magtrabaho sa ibang bansa, ang kaniyang dignidad, karapatang pantao, at kalayaan ay hindi mababalewala sa bansa na kanyang pinagtatrabahuhan.

3. Sino ang isang Overseas Filipino Worker (OFW)?

   Siya ay isang mamamayan ng Pilipinas na magtatrabaho, nagtatrabaho, o nagtrabaho sa isang gawain na may kapalit na kita sa:

   a) Ibang bansa na hindi siya mamamayan;
   b) nakasampa sa sasakyang pandagat na bumabaybay sa teritoryo ng ibang bansa maliban sa sasakyang pandagat na pag-aari ng gobyerno na ginagamit para sa militar o sa gawaing hindi pang-komersyal; o kaya
   c) nasa isang instilasyon na wala sa lupa o di kaya ay nasa laot.

4. Ano ang pagkakaiba ng isang OFW sa isang Migrant Worker?

   Parehas lamang ang kanilang ibig sabihin. Sa konteksto ng MWOFA of 1995, as amended, ang OFW at migrant worker ay ginagamit sa parehong kahulugan.

5. Ano ang pagkakaiba ng isang ‘agency-hired’ OFW sa isang ‘direct-hired’ o ‘name-hired’ na OFW?

   Ang isang OFW ay **‘agency-hired’** kung siya ay dumaan sa isang recruitment/manning agency na aprubado ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa pamamagitan ng Philippine Overseas Employment Agency (POEA).

   Sa kabilang banda, ang isang OFW ay **‘direct-hired’** o **‘name-hired’** kung siya ay direktang kinuha ng banyagang employer katulad ng: international organizations; kinatawang diplomatiko; at yung ibang nakakuha ng trabaho ng walang tulong or partisipasyon ng recruitment agency/manning agency.

6. Ano ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance (OCI)?

Ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance o ang Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers, ay isang pamamaraan na binigyang bisa ng batas para magbigay ng 'insurance protection' para sa mga OFWs.

7. Ano ang Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers?

Ito ay parehas lamag sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance. Basahin ang **frequently asked question no. 6**.

8. Sinu-sino ang 'covered' ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay **kinakailangan** ng nga agency-hired OFWs. Hindi ito 'required' sa mga direct-hired, name-hired, o kaya sa re-hired OFWs. Kung sila ay interesado pwede rin silang kumuha ng ganitong insurance.

## COVERAGE AT MGA BENEPISYO

9. Anu-ano ang mga benepisyo at coverage ng Agency-Hire OFW Compulsory Insurance?

Ang mga benepisyo sa ilalim ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay ang mga sumusunod:

| Benepisyo | Halaga |
|---|---|
| a) Accidental Death Benefit; | USD 15,000.00 |
| b) Natural Death Benefit; | USD 10,000.00 |
| c) Permanent Total Disablement Benefit; | USD 7,500.00 |
| d) Repatriation Cost Benefit; | Aktwal na gastos |
| e) Subsistence Allowance Benefit; | USD 100.00 kada buwan na hindi hihigit sa anim (6) na buwan |
| f) Money Claims Benefit; | Tatlong (3) buwan sa bawat taon ng employment contract at hindi hihigit sa USD 1,000.00 kada buwan |
| g) Compassionate Visit Benefit; | Aktwal na gastos |
| h) Medical Evacuation Benefit; at | Aktwal na gastos |
| i) Medical Repatriation Benefit. | Aktwal na gastos |

10. Ano ang Accidental Death Benefit?

Kapag ang isang insured na OFW sa ilalim ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay namatay sa aksidente, **USD 15,000.00** ay ibibigay sa kaniyang mga beneficiaries. Kung higit sa isa ang nakalistang mga beneficiaries, ang halaga na ito ay hahatiin ng pantay-pantay sa kanilang lahat.

Ang mga halimbawa ng pagkamatay dahil sa aksidente ay aksidente sa sasakyan at askidente sa pagtatrabaho sa pagawaan o kaya sa construction site.

### 11. Ano ang Natural Death Benefit?

Kung ang isang insured na OFW sa ilalim ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay namatay sa kadahilanan maliban sa aksidente (natural death), **USD 10,000.00** ay ibibigay sa kanyang mga nakalistang mga beneficiaries. Kung higit sa isa ang nakalistang mga beneficiaries, ang halaga na ito ay hahatiin ng pantay-pantay sa kanilang lahat.

### 12. Ang 'suicide' (pagpapakamatay) ba ay 'covered' ng Agency Hired OFW Compulsory Insurance?

Opo. Ang coverage ng insurance ay nagsisimula sa 'enforcement' ng insurance policy. Ang 2-taon na 'contestability period' na makikita sa karaniwang kontrata ng insurance ay hindi kasama sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.

### 13. Ano ang Total Permanent Disablement Benefit?

Kung ang isang insured na OFW sa ilalim ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay buo at permanenteng nabaldado, **USD 7,500.00** ay ibibigay sa kanya.

Ang Total Permanent Disablement Benefit ay pwedeng i-claim kung ang isa sa mga sumusunod ay nangyari:

a) Permanenteng pinsala sa parehong mata;
b) Permanenteng pinsala sa parehong kamay (maaring paralisado o putol sa pulso o mas mataas sa pulso);
c) Permanenteng pinsala sa parehong paa (maaring paralisado o putol sa bukong-bukong o mas mataas sa bukong-bukong); o kaya
d) Permanenteng pinsala sa ulo (maaring comatose o kaya pagkabaliw).

Ang permanenteng pagkabalda ay dapat bunga ng aksidente, komplikasyong pangkalusugan o pagkakasakit habang nagtatrabaho para sa kanyang employer.

### 14. Kung ang agency-hired OFW ay naputulan ng isang braso/binti o di kaya ng isang mata, meron bang 'partial payment' para dito?

Wala po. Ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay para lamang sa permanente at buong pinsala sa parehong mga kamay, mga paa, at mga mata.

### 15. Ano ang Repatriation Cost Benefit?

Kung sakali na ang insured na OFW ay tinanggal sa trabaho ng kanyang employer ng walang sapat na dahilan, o kaya ang OFW ay tinanggal sa trabaho ng walang sapat na dahilan, o kaya umalis sa trabaho ang OFW na may sapat na

dahilan, ang gastos sa pagbiyahe pabalik sa Pilipinas ay babayaran ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance. Nire-reimburse ng insurance company ang gastos sa ‘air fare’ pabalik ng Pilipinas sa recruitment agency.

Kasama sa Repatriation Cost Benefit ang pagpapadala ng mga personal na gamit ng OFW kung siya ay namatay.

Kung ang insured OFW ay namatay, ang insurance company ay magbibigay ng sapat na tulong para sa pagpapauwi ng kanyang mga labi at mga gamit sa tulong ng kanilang mga service providers (American Assist o SOS).

### 16. Ano ang mga sapat na dahilan para maka-claim ng Repatriation Cost Benefit?

Ang Repatriation Cost Benefit ay pwedeng ma-claim kung nangyari ang isa sa mga sumusunod:

a) Illegal na pagtanggal sa trabaho ng insured OFW’s employer;
b) Hindi pagbibigay ng sweldo;
c) Pagmamaltrato;
d) Overworked;
e) Pangit na living condition (e.g. walang tubig sa tinitirhan, walang kama, etc.);
f) Pangit na working conditions (e.g. hindi pagbibigay ng napagkasunduang bonus, walang ‘break-time’ sa trabaho, etc.); at
g) Dahilang medikal.

Pagka-homesick, pagkaulila, pagkatamad, personal na problema, criminal offense at hindi pagtupad sa tuntunin ng Employer rules ay hindi sapat na mga dahilan at hindi covered ng Repatriation Cost Benefit.

### 17. Ano ang Subsistence Allowance Benefit?

Kung ang insured OFW ay napasama sa isang kaso o kaya sa isang paglilitis para sa pagpo-protekta ng kanyang karapatan bilang mangagawa sa kanyang host country, **USD 100.00** kada buwan, na hindi lalagpas sa anim (6) na buwan, ay ibibigay sa OFW para sa pang-araw araw na gastusin.

### 18. Ano ang Money Claims Benefit?

Money Claims Benefit ay ang ‘settlement money’ o ‘‘adjudged’ amount’ para sa nalalabing buwan/taon ng ‘employment contract’ dulot ng kaso na isinampa ng isang OFW laban sa kanyang recruitment agency sa National Labor Relatioins Commission (NLRC). Kung ang desisyon ay pabor para sa OFW, ang recruitment/manning agency ay magbabayad ng salapi. Sa loob ng tatlumpong (30) araw, ang recruitment/manning agency ay dapat bayaran ang ‘settlement amount’ o ‘‘adjudged’ amount’ sa OFW.

### 19. Ano ang Compassionate Visit Benefit?

Kung ang insured OFW ay na-ospital at na-confine o kaya's mao-ospital na hindi baba sa pitong (7) araw, siya ay mayroon compassionate visit ng isang ka-pamilya or isang tao na kanyang napili.

Ang insurance company ang magbabayad ng gastos sa transportasyon sa 'major airport' na pinakamalapit sa hospital ng insured OFW.

Mismo ang kapamilya o ang tao na kanyang napili ang mag-aasikaso ng kanyang visa at travel documents.

### 20. Ano ang Medical Evacuation Benefit?

Kung ang pangangailangan medikal ng isang insured OFW ay hindi kaya ng pinakamalapit na medical facility, paglilipat sa ano mang kinakailangang transportasyon ay sagot ng insurance company. Ito ay kinakailangan ng approval ng doktor ng insurance company. Karaniwan, ang service provider ng insurance company ang gumagawa mismo ng medical evacuation.

### 21. Ano ang Medical Repatriation Benefit?

Kung ang insured OFW ay hindi na makapagtrabaho dahil sa kanyang kondisyong medikal, medical repatriation na may medical supervision ay sagot ng insurance company. Ito ay kinakailangan ng approval ng doktor ng insurance company.

Kung ang panahon na ang insured OFW ay makakakuha ng medical clearance ay hihigit sa labing-apat (14) na araw mula sa paglabas ng ospital, ang nararapat na alternatibong transportasyon ay gagamitin. Ang insurance company ay pwedeng magbigay ng medical escort para sa OFW kung kailangan.

### 22. Ano ang Return of the Mortal Remains Benefit?

Ang Return of the Mortal Remains Benefit ay napapaloob sa repatriation cost benefit. Basahin ang question no. 15 para sa detalye.

## PAGFI-FILE NG INSURANCE CLAIM

### 23. Paano mag-file ng claim sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Para makapag-file ng claim, ang OFW, ang recruitment agency ng OFW, o kaya ang mga beneficiary ay dapat makipag-ugnayan sa insurance company ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance. Ang numero ng telephono ng insurance company ay makikita sa proof of cover ng OFW o kaya contact cards. Pangunahing responsibilidad ng recruitment agency na bigyan ng tulong ang OFW at/o kaya ang mga OFW Beneficiary sa pag-claim ng benefits.

Susunod, ang claim form ay dapat masagutan at maibigay sa insurance company. Ang mga attachments o documentary requirements ay kasama dapat na maibigay

sa pag-submit ng claim form. Basahin ang kaukulang tanong sa bawat isa sa siyam (9) na benefits.

24. Saan pwedeng mag-file ng claim para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Ang OFW or o ang OFW Beneficiary ay kinakailangang makipag-ugnayan sa recruitment agency kung sakaling may mangyari na sagot ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance. Kung ang recruitment agency ay hindi ma-contact, pwedeng tumawag ng diretso sa insurance company. Ang mga insurance companies ay may mga service provider na nagsisilbi sa mga insured OFW sa kanilang host countries.

25. Sinu-sino ang mga lisensyadong insurance companies na accredited ng Insurance Commission na nagbebenta ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Pumunta **dito** para sa listahan ng mga insurance companies na accredited ng IC para magbenta ng Compulsory Insurance Coverage for Agency-hired Migrant Workers o ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.

26. Saan pwedeng makakuha ng kopya ng ‘standard policy format’ para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Pumunta **dito** para sa mga standard insurance policy format ng the Agency-Hired OFW Compulsory Insurance.

## 27. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Accidental Death?

| RESPONSIBLE PERSON | AKSYON | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang mga beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW Beneficiary/ies | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Death certificate (authenticated) ng OFW<br>b) Police o Accident report<br>c) Kahit anong Philippine Government issued na ID o dokumento na nagpapatunay ng katauhan at/o relasyon ng beneficiary sa OFW | |
| Insurance Company | 5. Susuriin ang claim at itatakda ang halaga na dapat bayaran | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 6. Babayaran ang claim sa beneficiary/ies sa halagang katumbas ng USD 15,000.00 | |

## 28. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Natural Death?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang mga beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW Beneficiary/ies | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Death certificate (authenticated) ng OFW<br>b) Kahit anong Philippine Government issued na ID o dokumento na nagpapatunay ng katauhan at/o relasyon ng beneficiary sa OFW | |
| Insurance Company | 7. Susuriin ang claim at itatakda ang halaga na dapat bayaran | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 8. Babayaran ang claim sa beneficiary/ies sa halagang katumbas ng USD 10,000.00 | |

## 29. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Permanent Total Disablement?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, OFW, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang OFW sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW Beneficiary/ies | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Medical Certificate (authenticated) na naghahayag ng kundisyon na covered ng Permanent Total Disablement Benefit | |
| Insurance Company | 5. Susuriin kung ang medical condition ay covered ng policy | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 6. Itatakda ang halaga na dapat bayaran | |
| Insurance Company | 7. Babayaran ang claim sa OFW sa halagang katumbas ng USD 7,500.00 | |

## 30. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Repatriation Cost?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, OFW, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider o sa international service provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang OFW and/or OFW beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW or OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW, or OFW Beneficiary/ies | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Certification galing sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) ng host country na ang OFW ay nangangailangan ng repatriation at mga dahilan kung bakit<br>b) Kopya ng airline ticket<br>c) Official Receipt ng ticket<br>d) Passport | |
| Insurance Company | 5. Susuriin ang claim at itatakda ang halaga na dapat bayaran | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 6. Ire-reimburse ang gastos sa airline ticket sa claimant*<br>*Tingnan ang detalye sa terms and conditions ng iyong Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Policy | |

## 31. Paano mag-claim ng benpisyo para sa Subsistence Allowance Benefit?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| OFW | 1. Pumunta sa pinakamalapit na Philippine Overseas Labor Office (POLO) ng host country at humingi ng certificate na ang OFW ay kasama sa isang kaso. Ang certificate ay dapat nagsasabi ng pangalan ng kaso, mga partidong kasama, at 'nature' ng 'cause of action' ng OFW. | |
| OFW | 2. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW | 3. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Certification galing sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) ng host country na ang OFW ay kasama sa isang kaso. Ang certificate ay dapat nagsasabing ng pangalang ng kaso, mga partidong kasama, at 'nature' ng 'cause of action' ng OFW. | |
| Insurance Company | 4. Babayaran ang OFW ng USD 100.00 kada buwan na hindi hihigit sa anim (6) na buwan | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |

## 32. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Money Claims?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| NLRC (a)<br><br>Recruitment agency and the Opposing OFW party (b) | 1. a) ang decision ay final at executory; o<br><br>1. b) settlement ang napag-usapang ng magkatunggaling partido | |
| Labor Arbiter | 2. Maglalabas ng kautusan sa recruitment agency na bayaran ng 'adjudged' amount o settlement amount ang OFW sa loob ng tatlumpong (30) araw | |
| Recruitment Agency | 3. Magfi-file ng claim sa insurance provider para sa 'adjudged' o 'settled amount'<br><u>Dokumentong kailangan</u><br>a) Certified True Copy ng NLRC decision o compromise agreement | |
| Insurance Company | 4. Babayaran ang recruitment agency ng 'adjudged' amount o amount na napagkasunduan, o the amount ng insured liability insured, kung alin dito ang mas mababa | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Recruitment agency | 5. Babayaran ng buo ang claim ng OFW. Kung sakali na ang insurance payment ay hindi sapat para mabayaran ng buo ang claim ng OFW, ang recruitment agency ang magda-dagdag sa kulang na halaga. | Sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa desisyon |
| Recruitment agency | 6. Sisiguraduhin na ang kautusan ng Labor Arbiter para bayaran ang OFW sa loob ng tatlumpong (30) araw ay matutupad. Ibig sabihin, kung ang insurance company ay hindi makakabayad sa loob ng itinakdang panahon, ang recruitment agency ang magbabayad ng 'adjudged' amount o settlement amount para makatupad sa itinakdang panahon. | |
| Philippine Overseas Employment Administration (POEA) | 7. Kung ang recruitment agency ay hindi nakabayad ng claim ng OFW sa loob ng tatlumpong (30) araw, ang performance bond at escrow deposit ay kukunin para impambayad sa OFW. | |

## 33. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Compassionate Visit?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, OFW, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider o international service provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang OFW and/or OFW beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| Family member or requested individual | 3. Kukuha ng karampatang visa para makapasok sa host country ng OFW | |
| OFW or OFW Beneficiary/ies | 4. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW, OFW Beneficiary/ies, or Recruitment Agency | 5. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Medical report galing sa doktor o hospital ng host country<br>b) Certification galing sa doctor o hospital ng host country na nagsasabi ng medical condition ng OFW at ang OFW ay na-confine o maco-confine na hindi baba sa pitong (7) araw<br>c) Kopya ng airline ticket<br>d) Receipt para sa bayad ng ticket | |
| Insurance Company's Physician | 6. Susuriin ang claim sa pananaw na medikal | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 7. Ire-reimburse the gastos sa airline ticket sa claimant*<br>*Tingnan ang detalye sa terms and conditions ng iyong Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Policy | |

## 34. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Medical Evacuation?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, OFW, o OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider o international service provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang OFW and/or OFW beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW or OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW, OFW Beneficiary/ies, or Recruitment Agency | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Medical Certificate galing sa doktor o hospital ng OFW kung saan siya confined na sinasabi ang mga sumusunod:<br>• Medical condition ng OFW<br>• Letter, certification, o report ng doktor o hospital na nagsasabi na walang sapat na medical facility na malapit sa OFW<br>• Kailangan ng medical supervision<br>b) Dokumento na nagpapatunay kung sino ang nagbayad ng medical evacuation<br>c) Dokumento na nagpapatunay ng kalahatan at breakdown ng gastos para sa medical evacuation | |
| Insurance Company's Physician | 5. Susuriin ang claim sa pananaw na medikal | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 6. Ire-reimburse the gastos sa airline ticket sa claimant*<br>*Tingnan ang detalye sa terms and conditions ng iyong Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Policy | |

35. Paano mag-claim ng benepisyo para sa Medical Repatriation?

| RESPONSIBLE PERSON | ACTION | TIMELINE |
|---|---|---|
| Recruitment Agency, OFW, or OFW Beneficiary/ies | 1. Makikipag-ugnayan sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance provider o international service provider | |
| Recruitment Agency | 2. Tutulungan ang OFW and/or OFW beneficiaries sa pagpo-proseso ng claim | |
| OFW or OFW Beneficiary/ies | 3. Sasagutan ang claim form ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Provider | |
| OFW, OFW Beneficiary/ies, or Recruitment Agency | 4. Isa-submit ang mga required na dokumento<br>a) Medical Certificate issued galing sa doctor o hospital ng OFW kung saan siya confined na sinasabi ang mga sumusunod:<br>• Medical condition ng OFW<br>• Kailangan ng OFW ng Repatriation pabalik sa Pilipinas<br>• Kailangan o hindi ng OFW ang medical escort<br>b) Dokumento na nagpapatunay kung sino ang nagbayad ng medical repatriation<br>c) Dokumento na nagpapatunay ng kalahatan at breakdown ng gastos para sa medical repatriation | |
| Insurance Company's Physician | 5. Susuriin ang claim sa pananaw na medikal | Sa loob ng sampung (10) araw mula sa pag-file ng kumpletong dokumento |
| Insurance Company | 6. Ire-reimburse the gastos sa airline ticket sa claimant*<br>*Tingnan ang detalye sa terms and conditions ng iyong Agency-Hired OFW Compulsory Insurance Policy | |

36. Gaano kabilis ko makukuha ang benepisyo sa insurance kapag naibigay ko na ang mga kumpletong dokumento?

Simula sa pagkabigay ng kumpletong dokumento, ang insurance company ay dapat bayaran ang claimant sa loob ng sampung (10) araw. Ang claimant ay pwedeng OFW, beneficiary/ies, o recruitment agency ng OFW.

## FILING OF COMPLAINT

37. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laba sa isang recruitment agency?

Ang mga reklamo laban sa recruitment or manning agency ay dapat isampa sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA). Pumunta **dito** para sa website ng ahensya at contact details.

38. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laban sa isang employer?

Pwedeng magsampa ng reklamo sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA). Pumunta **dito** para sa website ng ahensya at contact details.

Pwede rin kayong mag-file ng reklamo sa kaukulang mekanismo ng gobyerno sa iyong host country.

39. Saan ako pwedeng mag-file ng reklamo laban sa isang insurance company?

Pwede kayong magsampa ng reklamo sa Insurance Commission (IC). Nasa ibaba ang aming address at contact details.

Insurance Commission – Head Office
1071 United Nations Avenue, Manila
(+632) 523-8461-70

Insurance Commission – Cebu District Office
Almase Building, 80 Osmeña Boulevard, Cebu City
Tel. No. +63(32) 254-0861

Insurance Commission – Davao District Office
ATU Building, Gov. Duterte St., Davao City, Davao Del Sur
Tel. No. +63(82) 305-2451

O kaya, pwede rin kayong mag-email sa pubassist@insurance.gov.ph

## OTHER QUESTIONS

40. Kailan kailangan ng isang OFW na pumunta sa Philippine Overseas Labor Office (POLO) para sa dokumento sa pag-claim ng benepisyo sa insurance?

Depende po ito sa insurance benefit na inyon ike-claim. Ang certificate galing sa POLO ay kailangan sa mga sumusunod na claim:

1. Repatriation Cost para non-medical na claim; at
2. Subsistence Allowance.

Para sa ibang uri ng insurance claims, ang pagpunta sa POLO para manghingi ng certificate ay hindi kailangan.

41. Ang hindi buo pero permanenteng pinsala ba ay covered ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Hindi po. Ang hindi buo pero permanenteng pinsala ay hindi covered ng Agency OFW Compulsory Insurance. Basahin ang question no. 13 para sa mga dagdag na detalye.

42. Ano ang mga money claims?

Money claims ay bayad mula sa kasalanan ng employer na ibinibigay sa OFW sa pamamagitan ng kanyang recruitment agency o manning agency. Ang desisyon o settlement ng isang labor case ay nasasakop ng National Labor Relations Commission (NLRC).

Ang insurance benefit ay hindi hihigit sa tatlong (3) buwan sa bawat taon ng kontrata ng OFW at hindi hihigit sa USD 1,000.00 kada buwan.

Kung sakali na ang halaga ng insurance coverage ay hindi sapat para mabayaran ng buo ang halaga na itinakda ng NLRC o ang settlement amount, ang recruitment o manning agency ang dapat magbayad ng kulang sa OFW.

43. Ano ang pagkakaiba ng pagsasampa ng kaso sa Insurance Commission (IC) at pagsasampa ng kaso sa National Labor Relations Commission (NLRC)?

Ang IC ang nagdedesisyon sa mga kaso patungkol sa mga insurance claims. Sa kabilang banda, ang NLRC ang humawak sa mga labor cases.

44. Paano kumuha ng Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Kung ikaw ay agency-hired OFW, ang iyong recruitment agency ang nag-aapply ng insurance coverage para sa iyo. Ang insurance **proof of cover** ay isa sa mga kinakailangang dokumento ng Philippine Employment Overseas Administration (POEA) bago bigyan ang OFW o migrant-worker ng Overseas Employment Certificate (OEC).

Kung ikaw naman ay direct-hired o name-hired OFW pwede kang magdesisyon na kumuha ng insurance protection ng Agency-hired OFW Compulsory Insurance. Makipag-ugnayan sa mga insurance companies na nagbebenta ng Agency-hired OFW Compulsory Insurance Coverage. Pumunta **dito** para sa mga accredited insurance companies.

45. Magkano ang insurance premium para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance?

Sa kasalukyan, walang pinakamaliit o pinakamalaking halaga ng insurance premium. Ang IC ay nagpasya ng ang kumpetisyon sa pagitan ng mga insurance companies ay magbibigay ng mas malaking katipiran at mas mabuting serbisyo para sa mga OFWs.

46. Sino ang dapat magbayad ng insurance premium para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance cover?

Ang recruitment o manning agency ang dapat magbayad ng insurance premium para sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance. Ang recruitment o manning agency ay pwedeng makipag-negosasyon sa foreign employer tungkol sa pagbabayad.

Walang pagkakataon na ang OFW ang magbabayad ng nasabing premium mula sa kaniyang bulsa or di kaya ay ibabawas sa kanyang sweldo. Hindi ito dapat gastos ng OFW.

Kung ang OFW ay nagsusupetsa na ang pinapabayaran na fee ay ipambabayad sa insurance premium, maari po lamang makipag-ugnayan sa POEA.

47. Ang pag-papauwi ba ng Gobyerno ng Pilipinas dahil sa mga giyera ay covered ng Repatriation Cost Benefit?

Hindi po. Ang Agency-Hired OFW Compulsory Insurance ay hindi kino-cover ang repatriation costs dulot ng mga giyera sa mga host countries. Pumunta **dito** para sa clarificatory letter ng Insurance Commission tungkol sa isyu na ito.

## KAILANGAN NG TULONG?

Sa mga katanungang patungkol sa Agency-Hired OFW Compulsory Insurance (Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Migrant Workers) maari po lamang na makipag-ugnayan sa Public Assistance and Mediation Division (PAMD) sa:

**Public Assistance and Mediation Division (PAMD)**
Insurance Commission – Head Office
1071 United Nations Avenue, Manila
Trunk line: +632 523 8461 to 70 local 127 or 103
Direct line: +632 404 1758
Email: pubassist@insurance.gov.ph

Office hours: 08:00 to 5:00 Philippine Standard Time (PHT), Lunes hanggang Biyernes

## MGA HYPERLINKS AT DOWNLOADS

"Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995" (R.A. No. 8042) - www.poea.gov.ph/rules/ra8042.html

Omnibus Rules and Regulations Implementing The Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995 (IRR of R.A. No. 8042) - http://www.gov.ph/1996/02/29/irr-republic-act-no-8042/

An Act amending R.A. No. 8042… (R.A. No. 10022) – www.poea.gov.ph/ptfair/ra10022.htm

Omnibus Rules and Regulations Implementing the Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995, as amended by Republic Act no. 10022 (IRR of R.A. No. 10022) - www.poea.gov.ph/rules/omnibus%20irr_ra10022.pdf

Insurance Guidelines on Rule XVI of the Omnibus Rules and Regulations Implementing R.A. 8042, as amended by R.A. No. 10022 relative to Compulsory Insurance Coverage for Agency-Hired Overseas Filipino Workers - http://www.insurance.gov.ph/_@dmin/upload/profile/igf.pdf

Department of Finance – www.dof.gov.ph/

Department of Foreign Affairs – www.dfa.gov.ph/

Department of Labor and Employment – www.dole.gov.ph/

Philippine Overseas Employment Administration – www.poea.gov.ph/

Overseas Workers Welfare Administration – www.owwa.gov.ph/

Commission on Filipinos Overseas – www.cfo.gov.ph/

Trainer's Handbook on Agency-Hired OFW Compulsory Insurance

Frequently Asked Questions on Agency-Hired OFW Compulsory Insurance

Pamphlet on Agency-Hired OFW Compulsory Insurance